BAGONG PROTEKSYON PARA SA MGA LIVE-IN CAREGIVERS

ALAMIN ANG KARAPATAN

SERYE

NAGKAKABISA MULA MARSO 22, 2010

Maraming mga live-in caregivers na nagtatrabaho sa ilalim ng Federal Live-in Caregiver Program ang nagbabalitang sila ay nagbayad ng fee sa mga recruiters, agencies, o employers para makakuha ng trabaho sa Canada. May ilang caregivers na nagsabing kinuha ng kanilang recruiter o employer ang kanilang pasaporte at ibang kagamitang pag-aari nila.

Ipinagbabawal na ang maningil ng recruitment fees

Ipinagbabawal sa mga recruiters o recruitment agencies ang maningil ng recruitment o placement fee sa mga live-in caregivers na ihinahanap ng trabaho. Ipagbabawal na rin ang maningil para sa iba pang mga pagtulong na kanilang gagawin na konektado sa paghahanap ng trabaho (gaya ng paggawa ng resume o serbisyong pang imigrasyon).

Bawal rin o iligal na ang employer ay sumingil ng recruitment fees. Hindi kayo maaaring singilin ng mga employer sa mga fees na naibayad nila sa recruitment agency.

Hindi maaring tanganan o piitin ng employer o recruiter ang inyong pasaporte o anumang pag-aari

Bawal o iligal para sa employer o recruiter ang kunin at ariin ang anumang pag-aari o kagamitan ng isang live-in caregiver, pati na ang anumang dokumento, kagaya ng pasaporte o health card.

Ipinagbabawal sa mga employer o recruiter ang parusahan kayo sa pagpapatupad ng inyong mga karapatan

Maaring magreklamo ang mga live-in caregivers sa Ministry of Labour kung ang kanilang employer o recruiter ay maningil ng pinagbabawal at iligal na fee, o kung kunin ang kanilang pag-aari. Ayon sa batas, pinagbabawal sa mga employer o recruiter ang parusahan kayo dahil sa nagreklamo o ipinaglaban ninyo ang inyong mga karapatan sa ilalim ng batas na ito.

IPAGTANGGOL ANG INYONG SARILI

Ako`y siningil ng recruitment agency para ihanap ng trabaho bilang caregiver. Anong dapat kong gawin?

- Mag-ipon ng katibayan. Itabi ang lahat ng dokumentong natanggap galling sa recruitment agency, gaya ng mga agreement o kontrata. Itago ang lahat ng katunayan ng mga naibayad, gaya ng mga kopya ng tseke, money transfer o statement galling sa bangko.
- Sulatan ang recruiter at hingin ang perang kinuha nila sa inyo. Bigyan sila ng deadline. Humingi ng tulong sa mga organisasyong nakalista sa ibaba kung paanong gagawin ang sulat.
- Magharap ng reklamo sa Ministry of Labour. Maaring gawin ito sa loob ng tatlo at kalahating taon matapos na siningil ang fee. Tumawag sa information line ng Ministry of Labour sa 1-800-531-5551 at tutulungan ka nilang magharap ng reklamo.

Kinakabahan akong magreklamo sa ngayon. Puede bang antayin kong makompleto ang 24 na buwang kinakailangan at makapag-apply na maging permanent resident?

- Oo, maari kang mag-antay. Mayroon kang tatlo at kalahating taon para magreklamo sa Ministry of Labour laban sa recruiter o employer na naningil ng iligal na fee. Itagong lahat ang kopya ng mga dokumento para masigurong mayroon kang katibayan.
- Bawal at iligal na parusahan ka ng recruiter o employer dahil sa ikaw ay nagreklamo o naghabol ng iyong karapatan – kaya lamang, marami ang nasisisante kapag nagsalita. Humingi ng tulong at magplano kung kinakabahan ka at hindi ka siguradong ligtas nang gumawa ng hakbang sa ngayon
- Tandaan mong kung may utang silang sweldo o obertaym, kailangang magharap ka ng hiwalay na reklamong Employment Standards sa Ministry of Labour sa loob ng anim na buwan, mula nang ang sahod ay hindi nabayaran. Tumawag sa Workers' Action Centre kung kailangan ng tulong sa pagkwenta ng sweldong hindi nababayaran, at para makapagplano.

Hawak ng employer ko ang aking pasaporte. Anong puede kong gawin?

- Humingi ng tulong na makapagplano. Tumawag sa isa sa mga organisasyong nakalista sa ibaba.
- Kung palagay ka o kung kaya mo, sabihin mo sa iyong employer na ibalik ang iyong pasaporte. Sumulat sa employer at magtabi ng kopya para mayroon kang katibayan ng iyong paghingi.
- Magreklamo sa Ministry of Labour. Kung kailangan ng tulong sa paghaharap ng reklamo, tumawag sa information line ng Ministry of Labour sa 1-800-531-5551.

Kung nakaalis ka na sa trabaho at sa palagay mo'y hindi ligtas na lumapit sa iyong employer nang mag-isa, magpasama ka sa isang kaibigan o kung sinumang makatutulong sa iyo sa pagkuha mo ng iyong mga gamit. Maari ka ring humingi ng tulong sa pulis na samahan ka at ang iyong kaibigan

Bago nag March 22, 2010, nagbayad ako ng fee sa isang recruiter. Mayroon ba akong karapatan?

- Sa kasamaang palad, ang bagong proteksyon ay nagkabisa lamang mula nung March 22, 2010. Bago ang petsang ito, hindi iligal o bawal na maningil ng recruitment fee ang mga recruiter o employer.
- Tumawag sa isa sa mga organisasyong nakalista sa ibaba. Maaring may maitulong pa rin kami sa inyo na mabalik ang inyong naibayad.

HUMINGI NG TULONG

Workers' Action Centre
416-531-0778 o www.workersactioncentre.org
Lahat ng tawag ay kompidensyal.

Caregivers' Action Centre
cac_support@hotmail.com oo call c/o WAC 416-531-0778

Caregivers Connections Education & Support Organization
(416) 656-5778 o caregiverconnections.tumblr.com

Ministry of Labour
Walang bayad na tawag 1-800-531-5551 o sa www.labour.gov.on.ca

416-531-0778 | info@workersactioncentre.org
www.workersactioncentre.org

Funded by / Financée par Citizenship and Immigration Canada / Citoyenneté et Immigration Canada

Mula sa: Ministry of Labour ng Ontario. Ang pahayag na ito ay naglalaman ng impormasyong pangkaraniwan lamang. Kung kailangan ng iba pang detalye, kumontak sa Ministry of Labour.